

Marso 21, 2025

Mahalagang paunawa mula sa Departamento ng mga Serbisyong Pangkaunlaran (Department of Developmental Services) tungkol sa:

D-2025-Lehislasyon-001 Standardized Information Packet – Isang Gabay sa Sistema ng Sentrong Pangrehiyon ng California

Ano ang Dapat Malaman

Ang Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkaunlaran (Kagawaran) ay gumawa ng isang bagong pakete ng impormasyon tungkol sa Lanterman Act at sa mga programa at serbisyo nito. Ang mga paketeng ito ay tumutulong sa mga tao na matuto tungkol sa mga serbisyo para sa mga indibidwal na may mga kapansanan sa pag-unlad sa California. Makikita mo ang mga gabay na ito sa [website](#) ng Kagawaran sa maraming wika.

Ano ang Magbabago

Ang pakete ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa:

- Isang batas na tinatawag na Lanterman Act;
- Paano makakuha ng mga serbisyo mula sa isang sentrong pangrehiyon;
- Mga serbisyong inaalok ng mga sentrong pangrehiyon at ng komunidad;
- Paano maging kwalipikado para sa mga serbisyo;
- Ang Iyong Mga Karapatan:

Dapat ilagay ng mga sentrong pangrehiyon ang mga multi-lingual packet na ito sa kanilang mga website at magbahagi ng link papunta sa website ng Kagawaran. Ang mga sentrong pangrehiyon ay dapat magbigay ng isang pakete sa mga indibidwal at kanilang mga pamilya kapag nagsimula na ang proseso ng pagkuha ng impormasyon. Ang pakete ay dapat nasa nais na wika at format ng indibidwal.

May mga katanungan?

Mangyaring magtanong nang direkta sa inyong tagapag-ugnay ng serbisyo.

Matuto nang Higit Pa

Para matuto nang higit pa tungkol sa mga Standardized Information Packet, pakibisita ang: <https://www.dds.ca.gov/consumers/new-information-packet/>

Upang mahanap ang iyong lokal na sentrong pangrehiyon, pakibisita ang: <https://www.dds.ca.gov/rc/lookup-rs-by-county/>

Upang makipag-ugnayan sa iyong lokal na sentrong pangrehiyon, pakibisita ang: <https://www.dds.ca.gov/rc/listings/>